DO CSJDM
RELEASED
JAN 1 1 2018
By: 2:00 4
Records Unit

January 08, 2018

**DIVISION MEMORANDUM**
**No. 06 s. 2018**

**To: Assistant Schools Division Superintendent**
**Division Chief, CID**
**Public Schools District Supervisors**
**Elementary and Secondary School Heads**
**All Others Concerned**

**2018 SINING PANDAYAN**

1. This Office announces the conduct of 2018 SINING PANDAYAN on February 22-23, 2018 at Malolos Sports Convention Center, Malolos City.

2. Activities include the following:

| Activity | Registration Fee |
|---|---|
| KULAYSAYSAYAN: Mural Painting (Senior HS ) | P 200.00 |
| INDAYAW: Contemporary Dance (Junior HS ) | P 200.00 |
| POSTER MAKING CONTEST (ES & HS ) | P 50.00 |
| ZUMBA DANCE ( Teachers ) | P 200.00 |
| KAMAY LIKHA: ARTS & CRAFTS COMPETION ( ES & HS ) | |
| ARTS & CRAFTS FAIR | |

3. Interested schools are requested to coordinate with LENY B. DELOS REYES, EPS for MAPEH and PANDAYAN BOOKSHOP MUZON BRANCH.

4. Enclosed are the following;
   a. Program
   b. Mechanics and Guidelines

5. Travel Expenses, registration, meals and materials of the contestants and their coaches shall be charged against school MOOE/ canteen or other available sources of fund subject to the usual accounting and auditing rules and regulations.

6. Immediate and wide dissemination of this memorandum is desired.

**GERMELINA H. PASCUAL, CESO V**
Schools Division Superintendent

**Pandayan Bookshop** Kabalikat sa Pag-aaral
www.pandayan.com.ph

DEPED-CSJDM
RECORDS UNIT
JAN 0 8 2018
IN
OUT

Ika-8 ng Enero, 2018

**GERMELINA H. PASCUAL, Ph.D., CESO V**
Schools Division Superintendent
Department of Education San Jose del Monte City

Dear Ma'am Pascual,

Magandang araw po!

Sa ika-22 at 23 ng Pebrero, 2018 ay magdaraos po ang Pandayan Bookshop ng **Sining Pandayan 2018** sa Malolos Sports & Convention Center, Malolos, Bulacan. Isang malawakang patimpalak at exhibit bilang pakikiisa namin sa pagdiriwang ng Pambansang Buwan ng Sining. Ngayong taon po, katuwang din po namin ang Malolos City Tourism para sa gawaing ito.

Ang mga kategorya po ng aming patimpalak at mga gawain ay ang mga sumusunod:

- **Poster Making Contest** for Elementary at High School
- **Kulaysaysayan: Mural Painting** for Senior High School
- **Indayaw: Contemporary Dance** for Junior High School
- **Zumba Dance** for Teachers
- **Kamay Likha: Arts & Crafts Competition** for Elementary and High School
- **Arts & Crafts Fair**

Nais po sana naming hingin ang inyong suporta na maging kalahok ang inyong mga piling mag-aaral at mga guro na nasasakupan ng DepEd San Jose del Monte City para sa mga patimpalak na nabanggit.

May pagkakataon din pong lumibot ang mga guro't mag-aaral sa Arts & Crafts Fair kung saan maaari po silang makasaksi ng workshops, demos, & iba pang pakulo mula sa aming mga participating arts & crafts brand sponsors.

Kung inyo pong mamarapatin, maaari po naming ipaliwanag sa inyong tanggapan ang aming programa para po matugunan agad namin ang kanilang mga katanungan.

Maraming salamat at mabuhay po kayo!

Lubos na gumagalang,

**AMOR J. DIONISIO**
Institutional Network Program Director
Pandayan Bookshop, Inc.
Mobile #: 0933-854-3053
Email: amorj.dionisio@gmail.com

# SINING PANDAYAN 2018
## Program (Draft)

| DATE | ARTS & CRAFTS FAIR | CONTEST AREA | REGISTRATION AREA | KULAYSAYSAYAN AREA |
|---|---|---|---|---|
| February 22, 2018 | 8:00 AM – 5:00 PM<br>Product Demo / Free Workshops from Suppliers | 8:00 AM – 9:00 AM<br>Opening Ceremony & Special Opening Number from: *DepEd (D&L Champion)* | 7:00 AM – 9:00 AM<br>Registration / Validation – Poster Making Contest (Elem.) | |
| | | 9:00 AM – 9:30 AM<br>Preparation & Contest Briefing – Poster Making Contest (Elem.) | | |
| | | 9:30 AM – 11:30 AM<br>Contest Proper – PMC (Elem.) | | |
| | | 11:30 AM – 12:00 NN<br>Exit, Certificate Distribution, & Collection of Entries – PMC (Elem.) | 11:30 AM – 12:30 PM<br>Registration / Validation – PMC (HS) | |
| | | 12:30 PM – 1:00 PM<br>Preparation & Contest Briefing – PMC (HS) | | |
| | | 1:00 PM – 3:00 PM<br>Contest Proper – PMC (HS) | | |
| | | 3:00 PM – 3:15 PM<br>Exit, Certificate Distribution, and Consolidation of Entries – PMC (HS) | | |
| | | 3:15 PM – 3:45 PM<br>Outstanding MAPEH Teachers Awarding – DepEd Meycauayan | | |
| | | 3:45 PM – 4:05 PM (20 mins.)<br>Announcement of Winners – PMC (Elem.) | | |
| | | 4:05 PM – 4:35 PM<br>Outstanding MAPEH Teachers Awarding – DepEdMalolos | | |
| | | 4:35 PM – 5:00 PM (25 mins.)<br>Announcement of Winners – PMC (HS), Acknowledgements & Closing Remarks | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | 8:00 AM – 3:30 PM<br>Product Demo / Free Workshops from Suppliers | 8:00 AM – 8:30 AM<br>Opening Remarks | 7:00 AM – 8:30 AM<br>Registration / Validation – Contemporary Dance Contest & Kulaysaysayan | 8:30 AM – 8:45 AM<br>Preparation & Contest Briefing – Kulaysaysayan |
| February 23, 2018 | 3:30 PM – 4:30 PM<br>Egress | 8:30 AM – 9:00 AM<br>Formation (Facing, Blocking, Entrance, & Exit), & Contest Briefing – Contemporary Dance Contest | 9:00 AM – 11:00 AM<br>Registration / Validation – Zumba Competition for Teachers | 8:45 AM – 1:15 PM<br>Contest Proper – Kulaysaysayan |
| | 4:30 PM – 5:00 PM<br>Clearing of MSCC | 9:00 AM – 11:00 AM<br>Contest Proper – Contemporary Dance Contest (14 contestants) | | |
| | | 11:00 AM – 11:30 AM<br>Formation (Facing, Blocking, Entrance, & Exit), & Contest Briefing – Zumba Competition for Teachers | | |
| | | 11:30 AM – 1:30 PM<br>Contest Proper – Zumba Competition for Teachers (15 contestants) | | |
| | | 1:30 PM – 2:00 PM<br>Free Time: Games, and/or Mascot Appearance | | |
| | | 2:00 PM – 3:00 PM<br>Outstanding MAPEH Teachers Awarding – DepEd Bulacan | | 1:15 PM – 3:00 PM<br>Judging, Tabulation & Preparation of Awards & Certificates – Kulaysaysayan |
| | | 3:00 PM – 3:30 PM<br>Announcement of Winners – CDC, ZC, Times Trading, & Kulaysaysayan, Acknowledgements | | |
| | | | | |
| | | | | |

INDAYAW
Contemporary Dance Contest
Malolos Sports & Convention Center, Malolos City, Bulacan

Pandayan Bookshop

# Mga Alituntunin ng Paligsahan:

1. **Magmumula sa DepEd Division of Bulacan (7 grupo), Malolos (2 grupo), San Jose del Monte (3 grupo), at Meycauayan (2 grupo) ang magiging opisyal na mga entry.**

2. Ang bawat grupo ay maaring magkaroon ng puro lalaki, puro babae, o magkahalong babae at lalaki na mga miyembro na hindi bababa sa labinlima (15), at hindi hihigit sa dalawampu't limang (25) katao.

3. **Maaring magpatala mula ika-8 ng Enero hanggang ika-17 ng Pebrero, 2018** sa kahit saang sangay ng Pandayan Bookshop ang mga grupong nagnanais lumahok. Maaaring isang kinatawan na lamang ang magpatala para sa buong grupo.

4. Ang pagpapatala ng bawat grupong lalahok ay nagkakahalaga ng dalawandaang piso (P200.00).

5. Sa araw ng pagpapatala, dalhin at ipasa ang mga sumusunod:

   a. Certificate of enrollment ng bawat miyembro ng grupo
   b. Photocopy ng school ID ng bawat miyembro ng grupo
   c. Medical certificate ng bawat miyembro ng grupo
   d. Photocopy ng faculty ID ng gurong tagapayo ng grupo

6. Lalagda ang bawat miyembro sa waiver na ibibigay ng Pandayan Bookshop na naglalaman ng mga alituntunin at panuntunan ng paligsahan.

7. Sa araw ng paligsahan, kailangang dalhin ng bawat miyembro ang school ID nila, at ng gurong tagapayo ang faculty ID niya. Iyon ang ipapakita sa Registration/Validation Area sa mismong event upang maberipika at mabigyan ng contestant number ang inyong grupo.

8. *"Tsismis" ni Ryan Cayabyab* ang unang itatanghal bilang **opisyal na contest piece (2 minuto, at 30 segundo)**, at susundan kaagad ng **contestant's choice piece (2 hanggang 3 minuto)**. Kailangang ilagay sa flash drive ang contestant's choice piece.

9. Kung ang grupo ay lalagpas sa nakatakdang haba ng pagtatanghal, magkakaroon ng pagbabawas ng puntos sa kanilang kabuuang iskor.

10. Ang koreograpiya ay kailangang kakitaan ng mga contemporary movements (alinman sa Jazz, Hiphop, Street Dance, Modern Ballet, etc.)

11. Ang gagamiting piyesa/musika ay maaaring "remixed", at kailangang ilagay sa flash drive. Ibigay ang flash drive sa Registration/Validation Area upang makopya ang mp3 file ng inyong piyesa.

12. Hindi pinapayagan ang paggamit ng mga "smoke devices" at "explosives" bilang props, maging ang mga mapanganib na stunts. Ang hindi makakasunod sa panuntunan na ito ay nangangahulugan ng pagkabawas ng limang (5) puntos mula sa talaan ng iskor ng bawat hurado.

13. Ang desisyon ng mga hurado ay hindi mapapasubalian. Sa araw na rin mismo ng kompetisyon ihahayag ang mga nagsipagwagi sa paligsahang ito.

14. Ang oras at araw ng paligsahan ay sa:

| | | | |
|---|---|---|---|
| Araw | : | Ika-23 ng Pebrero, 2018 | |
| Lugar | : | Malolos Sports & Convention Center, Malolos City, Bulacan | |
| Oras | : | 7:00 AM - 8:30 AM | - Paglilista ng mga nakatalang kalahok |
| | | 8:31 AM - 9:00 AM | - Maikling pagpapaliwanag ukol sa paligsahan |
| | | 9:00 AM - 11:00 AM | - Oras ng paligsahan |
| | | 3:00 PM - 3:30 PM | - Paghahayag ng mga nagwaging grupo |

15. Ang mga gurong tagapayo at tagapagturo mula sa kanilang mga eskwelahan ang responsable para sa kalusugan at kaligtasan ng mga gagawing "dance routine", gayundin ang tamang pag-uugali ng mga miyembro habang nasa paligsahan. Anumang idulot na gulo mula sa paglabag sa panuntunan na ito ay mangangahulugan nang pagkawala ng karapatan na magpatuloy sa paligsahan.

16. Ang batayan sa pagpili ng magwawagi ay:

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Choreography** | **- 40%** | **Costume** | **- 10%** |
| **Creativity & Originality** | **- 20%** | **Audience Impact** | **- 10%** |
| **Interpretation** | **- 20%** | | |

17. Ang magwawaging grupo ay tatanggap ng:

| | |
|---|---|
| **Unang Pwesto** | **- P8,000.00, tropeo, at Katibayan ng Kahusayan para sa bawat miyembro ng grupo** |
| **Ikalawang Pwesto** | **- P6,000.00, tropeo, at Katibayan ng Kahusayan para sa bawat miyembro ng grupo** |
| **Ikatlong Pwesto** | **- P4,000.00, tropeo, at Katibayan ng Kahusayan para sa bawat miyembro ng grupo** |
| **Ikaapat na Pwesto** | **- P3,000.00, tropeo, at Katibayan ng Kahusayan para sa bawat miyembro ng grupo** |
| **Ikalimang Pwesto** | **- P2,000.00, tropeo, at Katibayan ng Kahusayan para sa bawat miyembro ng grupo** |

18. Ang lahat ng gurong tagapayo at paaralan ng mga grupong lumahok ay makatatanggap ng Katibayan ng Paglahok mula sa Pandayan Bookshop.

19. Ang mga grupong mananalo ay ilalahad sa lahat ng sangay ng Pandayan Bookshop, sa social media accounts at sa website nito.


20. Hindi pinahihintulutan ang paglahok ng kamag-anak ng sinuman sa mga Kapwa na taga-Pandayan.

**Para sa iba pang detalye, maaaring tumawag o mag-text kay Amor Dionisio sa 0933-854-3052.**

FIESTA REPUBLICA

in cooperation with

Pandayan Bookshop




## Mga Alituntunin ng Paligsahan:

1. Ang tema ng paligsahan sa paggawa ng mural ay **"Kasarinlan at Demokrasya, Pamana ng Kasaysayan sa Kabataang Filipino".**

2. **Ang paligsahan ay bukas para sa mga Senior High School mula sa pampubliko at pribadong paaralan sa lalawigan ng Bulacan.** Ang mga mag-aaral na nais lumahok ay dapat kasalukuyang nakatala sa kanyang paaralan, at sakop ng school year 2017-2018.

3. **Ang bawat grupo ay dapat binubuo ng apat (4) na miyembro.**

4. **Ang grupong pasado sa kwalipikasyon ay kailangang magpatala simula sa Ika-8 ng Enero hanggang ika-17 ng Pebrero, 2018 sa pinakamalapit na sangay ng Pandayan Bookshop.**

5. **Ang halaga ng pagpapatala ay dalawandaang piso (P200.00) bawat grupo.**

6. Labinlimang (15) grupo lamang ang maaaring makalahok sa paligsahang ito. Opisyal na idedeklarang tapos na ang pagpapatala kapag nakumpleto ang bilang ng mga grupong kalahok kahit na hindi pa umabot sa itinakdang araw ng pagtatapos ng pagpapatala.

7. Ang oras at araw ng paligsahan ay sa:

Araw : Ika-23 ng Pebrero, 2018
Lugar : Malolos Sports & Convention Center, Malolos City, Bulacan
Oras : 7:00 AM - 8:45 AM - Paglilista ng mga nakatalang kalahok
8:45 AM - 9:00 AM - Maikling pagpapaliwanag ukol sa paligsahan
9:00 AM - 1:30 PM - Oras ng paligsahan
3:00 PM - 3:30 PM - Parangal at pagtatanghal ng mga nagwaging likhang sining

8. **4x4 ft. plywood wall ang magsisilbing canvas, at acrylic o water-based paint ang pangunahing pangkulay ng bawat grupo.** Magmumula sa United Architect of the Philippines ang mga nabanggit na materyales.

9. Ang Pandayan Bookshop ang magtatalaga ng numero sa bawat likha ng mga kalahok. Walang pangalan, pirma o ano pa mang pagkakakilanlan ang maaaring lumitaw saan mang bahagi ng likhang sining.

10. Ang batayan sa pagpili ng magwawagi ay:

**Pagkaorihinal at Pagkamalikhain - 60%**
**Kaugnayan sa Tema - 30%**
**Kalinisan ng Likhang Sining - 10%**

11. Ang magwawagi ay tatanggap ng sumusunod:

**Unang Pwesto - P10,000.00 & tropeo**
**Ikalawang Pwesto - P7,000.00 & tropeo**
**Ikatlong Pwesto - P5,000.00 & tropeo**
**3 Consolation Prizes - P1,000.00**

12. Maglalaan ang Pandayan Bookshop, Inc. ng katibayan ng kahusayan para sa mapipiling magwawagi, sa kanilang group adviser at sa eskwelahang kanilang kinabibilangan.

13. Ang lahat ng mga likha ay magiging pag-aari na ng Department of Tourism ng siyudad ng Malolos subalit maaring ipahiram sa Pandayan Bookshop kailan man ito kailanganin para sa mga proyektong kakasangkapanin ang mga nagwaging obra.

14. Ang larawan ng mga nanalong likha ay ilalahad sa lahat ng sangay ng Pandayan Bookshop, sa social media accounts at sa website nito.

15. Hindi pinahihintulutan ang paglahok ng kamag-anak ng sinuman sa mga Kapwa na taga-Pandayan Bookshop.

**Para sa mga paglilinaw, maaaring tumawag o mag-text kina:**

**Denver Dutollo - 0933-812-4722**
**Amor Dionisio - 0933-854-3052**

This contest is sponsored by

www.pandayan.com.ph pandayanbookshop pandayancomph

Pandayan Bookshop

# 2018 ON-THE-SPOT POSTER MAKING CONTEST

## Mga Alituntunin ng Paligsahan:

1. Ang tema ng paligsahan sa paggawa ng poster ay **"Puso ng Pilipino"**. Ang pag-asa natin ay ipakita na mapagmahal ang pusong Pilipino, na marunong magpakatao at makipagkapwatao ang Pilipino, at makatao ang Pilipino.

2. Ang paligsahan ay bukas para sa mga mag-aaral mula sa ika-4 hanggang ika-10 na baitang ng pampubliko at pribadong paaralan **(Elementarya: Grade 4-6; Sekundarya: Grade 7-10)** mula sa Gitnang Luzon (Region III), at Pambansang Punong Rehiyon (NCR).

3. Limitadong bilang ng mag-aaral lamang ang maaaring lumahok kada paaralan:

**Sa elementaryang kategorya, isang (1) mag-aaral lamang ang maaaring lumahok at kumatawan sa isang paaralan.**

**Sa sekundaryang kategorya naman, isa (1) hanggang lima (5) ang bilang ng mag-aaral na maaaring sumali at kumatawan sa isang paaralan.**

4. Ang pagpapatala kada kalahok ay limampung piso (P50.00).

5. **Maaaring magpatala simula sa ika-8 ng Enero hanggang ika-17 ng Pebrero, 2018** sa pinakamalapit na sangay ng Pandayan Bookshop. Hindi pahihintulutan ang mga walk-in registrants sa mismong araw ng paligsahan.

6. Sa araw ng pagpapatala, dalhin at ipasa ang mga sumusunod:

a. Certificate of enrollment ng mag-aaral na nais lumahok
b. Photocopy ng school ID ng mag-aaral na nais lumahok
c. Photocopy ng faculty ID ng gurong tagapayo
d. Bonafide certificate ng gurong tagapayo na magpapatotoong siya ay kasalukuyang nagtuturo sa paaralang kanyang kinabibilangan

7. Sa araw ng paligsahan, kailangang dalhin ng kalahok ang mga resibo at dalawang (2) kopya ng registration form na ibinigay noong araw na magpatala. Ipapakita ito sa kawani ng Pandayan Bookshop sa Registration/Validation Area upang mabigyan ng entry number ang kalahok.

8. Ang oras at araw ng paligsahan ay sa:

Araw : Ika-22 ng Pebrero, 2018
Lugar : Malolos Sports & Convention Center, Malolos City, Bulacan
Oras :

| | |
|---|---|
| 7:00 AM - 9:00 AM | - Paglilista ng mga nakapagpatalang kalahok (Elementarya) |
| 9:01 AM - 9:30 AM | - Maikling pagpapaliwanag ukol sa paligsahan (Elementarya) |
| 9:31 AM - 11:30AM | - Oras ng paligsahan (Elementarya) |
| 11:31 AM - 12:30 PM | - Paglilista ng mga nakapagpatalang kalahok (Sekundarya) |
| 12:31 PM - 1:00 PM | - Maikling pagpapaliwanag ukol sa paligsahan (Sekundarya) |
| 1:01 PM - 3:00 PM | - Oras ng paligsahan (Sekundarya) |
| 3:45 PM - 4:05 PM | - Paghahayag ng mga nagwaging kalahok (Elementarya) |
| 4:35 PM - 5:00 PM | - Paghahayag ng mga nagwaging kalahok (Sekundarya) |

9. Ang kalahok ay kailangang magdala ng sariling mga gamit. Samantalang ang gagamiting 10" x 15" (1/8) illustration board ay sasagutin ng Pandayan Bookshop.

**Ang pangunahing pangkulay ng mga nasa elementaryang kategorya ay oil pastel.**
Maaaring gumamit ng mga kagamitang tulad ng artist brush, bulak, baby oil, lapis, correction fluid, at marking/ink pens.

**Sa mga nasa sekundaryang kategorya nama'y acrylic paint ang pangunahing pangkulay.**
Maaari ring gumamit ng mga kagamitang tulad ng artist brush, lapis, correction fluid, marking/ink pens, at tubig.

10. Ang Pandayan Bookshop, Inc. ang magtatalaga ng numero sa bawat likha ng mga kalahok.

11. Ang batayan sa pagpili ng magwawagi ay:

**Pagkaorihinal at pagkamalikhain - 60%**
**Kaugnayan sa tema - 30%**
**Kalinisan ng likhang sining - 10%**

9. Ang magwawagi sa bawat kategorya ay tatanggap ng:

| | |
|---|---|
| **Unang Pwesto** | **- P5,000.00, gintong medalya, Katibayan ng Kahusayan, & gift pack** |
| **Ikalawang Pwesto** | **- P4,000.00, pilak ng medalya, Katibayan ng Kahusayan, & gift pack** |
| **Ikatlong Pwesto** | **- P3,000.00, tansong medalya, Katibayan ng Kahusayan, & gift pack** |
| **Ikaapat na Pwesto** | **- P2,000.00, Katibayan ng Kahusayan, & gift pack** |
| **Ikalimang Pwesto** | **- P1,000.00, Katibayan ng Kahusayan, & gift pack** |
| **Ikaanim na Pwesto** | **- Katibayan ng Kahusayan, gift pack, & Pandayan Bookshop gift check** |
| **Ikapitong Pwesto** | **- Katibayan ng Kahusayan, gift pack, & Pandayan Bookshop gift check** |
| **Ikawalong Pwesto** | **- Katibayan ng Kahusayan, gift pack, & Pandayan Bookshop gift check** |
| **Ikasiyam na Pwesto** | **- Katibayan ng Kahusayan, gift pack, & Pandayan Bookshop gift check** |
| **Ikasampung Pwesto** | **- Katibayan ng Kahusayan, gift pack, & Pandayan Bookshop gift check** |

10. **Maglalaan din ang Pandayan Bookshop ng gift pack at Katibayan ng Kahusayan para sa sampu (10) pang finalists ng dalawang kategorya.**

11. Ang mga mapipiling likhang sining ay magiging pag-aari na ng Pandayan Bookshop. At ang larawan ng mga ito ay ipapaskil sa lahat ng sangay ng Pandayan Bookshop, at sa social media accounts at website nito.

12. Hindi pinahihintulutan ang paglahok ng kamag-anak ng sinuman sa mga Kapwa na taga-Pandayan Bookshop.



**Para sa mga paglilinaw, maaaring tumawag o mag-text kina:**

**Denver Dutollo - 0933-812-4722   Lhen Lunasco - 0933-863-9861**

www.pandayan.com.ph pandayanbookshop pandayancomph

ZUMBA
Dance Competition for Teachers

Pandayan Bookshop

## Mga Alituntunin ng Paligsahan:

1. **Magmumula sa DepEd Division of Bulacan (8 grupo), Malolos (2 grupo), San Jose del Monte (3 grupo), at Meycauayan (2 grupo) ang magiging opisyal na mga entry.**

2. Ang bawat grupo ay maaaring binubuo ng isa o higit pang paaralan na kakatawan sa dibisyon nila na may miyembrong hindi bababa sa dalawampu (20), at hindi hihigit sa dalawampu't limang (25) katao.

3. **Maaring magpatala mula ika-8 ng Enero hanggang ika-17 ng Pebrero, 2018** sa kahit saang sangay ng Pandayan Bookshop ang mga grupong nagnanais lumahok. Maaaring isang kinatawan na lamang ang magpapatala sa buong grupo.

4. Ang pagpapatala ng bawat grupo na lalahok ay nagkakahalaga ng dalawandaang piso (P200.00).

5. Sa araw ng pagpapatala, dalhin at ipasa ang mga sumusunod:

   a. Bonafide certificate ng bawat miyembro ng grupo na magpapatotoong ang guro ay kasalukuyang nagtuturo sa paaralang kanyang kinabibilangan
   b. Photocopy ng faculty ID ng bawat miyembro ng grupo
   c. Medical certificate ng bawat miyembro ng grupo

6. Lalagda ang bawat miyembro ng grupo sa waiver na ibibigay ng Pandayan Bookshop na naglalaman ng mga alituntunin at panuntunan ng paligsahan.

7. Sa araw ng paligsahan, kailangang dalhin ng bawat miyembro ang faculty ID nila. Iyon ang ipapakita sa Registration/Validation Area sa mismong event upang maberipika at mabigyan ng contestant number ang inyong grupo.

8. **Ang bawat pagtatanghal ay kailangang nasa tatlo (3) hanggang limang (5) minuto lamang.** Kung ang grupo ay lalagpas sa nakatakdang haba ng pagtatanghal, magkakaroon ng bawas sa kabuuan nilang iskor.

9. Ang gagamiting piyesa/musika ay maaaring "remixed", at kailangang ilagay sa flash drive.

10. Hindi pinapayagan ang paggamit ng mga "smoke devices" at "explosives" bilang props. Ang hindi makakasunod sa panuntunan na ito ay nangangahulugan ng pagkabawas ng limang (5) puntos mula sa talaan ng iskor ng bawat hurado.

11. Ang desisyon ng mga hurado ay hindi mapapasubalian. Sa araw na rin mismo ng kompetisyon ihahayag ang mga nagsipagwagi sa paligsahang ito.

12. Ang oras at araw ng paligsahan ay sa:

Araw : Ika-23 ng Pebrero, 2018
Lugar: Malolos Sports & Convention Center, Malolos City, Bulacan
Oras : 9:00 AM - 11:00 AM - Paglilista ng mga dumalo at nakatalang kalahok
11:01 AM - 11:30 AM - Maikling pagpapaliwanag ukol sa paligsahan
11:31 AM - 1:30 PM - Oras ng paligsahan
3:00 PM - 3:30 PM - Paghahayag ng mga nagwaging grupo

13. Anumang idulot na gulo mula sa paglabag sa panuntunan ay mangangahulugan nang pagkawala ng karapatan na magpatuloy sa paligsahan.

14. Ang batayan sa pagpili ng magwawagi ay:

**Choreography:**
**Creativity - 30%**
**Synchronization - 20%**
**Originality & Interpretation - 30%**
**Costume - 10%**
**Audience Impact - 10%**

15. Ang magwawaging grupo ay tatanggap ng:

**Unang Pwesto - P8,000.00, tropeo, at Katibayan ng Kahusayan para sa bawat miyembro ng grupo**
**Ikalawang Pwesto - P6,000.00, tropeo, at Katibayan ng Kahusayan para sa bawat miyembro ng grupo**
**Ikatlong Pwesto - P4,000.00, tropeo, at Katibayan ng Kahusayan para sa bawat miyembro ng grupo**
**Ikaapat na Pwesto - P3,000.00, tropeo, at Katibayan ng Kahusayan para sa bawat miyembro ng grupo**
**Ikalimang Pwesto - P2,000.00, tropeo, at Katibayan ng Kahusayan para sa bawat miyembro ng grupo**

16. Ang lahat ng paaralan ng mga grupong lumahok ay makatatanggap ng Katibayan ng Paglahok mula sa Pandayan Bookshop.

17. Ang mga grupong mananalo ay ilalahad sa lahat ng sangay ng Pandayan, sa social media accounts at sa website nito.

18. Hindi pinahihintulutan ang paglahok ng kamag-anak ng sinuman sa mga Kapwa na taga-Pandayan.

**Para sa iba pang detalye, maaaring tumawag o mag-text kay Amor Dionisio sa 0933-854-3052.**

DEPED - CSJDM
RECORDS UNIT
JAN 1 1 2018
IN 4 1:06
OUT

# Kamay Likha:

Bayanihan
Sa Pagbuo ng Pangarap

SINING
PANDAYAN

ELMER'S
MY FAVORITE GLUE

COLLEEN

## Full Mechanics:

1) Ang guro na nais sumali ay dapat bumuo ng grupo na may limang miyembro. Ang guro ay maaaring magsali ng kahit ilang grupo para sa kompetisyon.

2) Kailangang magtungo ang guro sa pinakamalapit na Pandayan Bookshop para i-register ang mga grupo na isasali niya sa kompetisyon. Pagkatapos niya i-register ang mga ito, bibigyan siya ng group code kada grupo na isinali.

3) Dapat ibigay ng guro ang group code sa kanyang mga pinarehistrong grupo.

4) Bawat miyembro ng grupo ay kailangang pumunta at bumili sa Pandayan Bookshop ng tig-1 Popsicle Stick House Kit (nagkakahalaga ng Php 99.75 bawat isa). Pagkabili ng miyembro, dapat siyang pumunta sa Customer Service Counter at ibigay sa customer service personnel ang kanyang pangalan at kanilang group code para maconfirm ang kanyang pagsali.

Makukumpleto ang registration ng grupo kapag ang limang (5) miyembro nito ay bumili ng kit at nag-confirm ng pagsali sa Customer Service Counter.

5) Bumuo ng popsicle stick house gamit ang nabiling kit.

Mga basic requirements sa kompetisyon:

- Required Size : ¼ Illustration Board
- Side na gagamiting base : **WHITE SIDE** ng illustration board

- Isulat ang group code sa **"upper right corner"** ng illustration board.
Required Size ng group code ay 1inch (taas) x 3inch (haba)

6) Maaaring gumamit ng iba pang mga materyales (**Recycled Materials**) para mas mapaganda ang ginagawang Popsicle Stick House.

7) Pagkatapos gawin ang Popsicle Stick house, kuhanan ito ng picture ayon sa mga sumusunod:

- 1 picture ng Front View
- 1 picture ng Left Side View
- 1 picture ng Right Side View
- 1 picture ng Back View
- 1 picture ng Top View

**Dapat walang filter at klaro ang mga picture.**

8) I-send sa merchcontest@gmail.com ang 5 picture ng popsicle stick house, kasama ang iba pang sumusunod na detalye ng grupo:

**Subject ng email :** Assigned Group Code

**Body ng email :**
(1) Pangalan ng Paaralan
(2) Pangalan ng Guro
(3) Contact Number ng Guro
(4) Pangalan ng 5 miyembro ng grupo
(5) Grade Level at Section ng grupo
(6) Maikling salaysay tungkol sa nilikhang Popsicle Stick House (hindi lalampas sa 200 words)

Makakatanggap ng email acknowledgement ang grupo bilang confirmation ng submission ng kanilang entry.

**Deadline ng submission ng entry sa email ay sa darating na 17 February 2018, 6:00pm ng gabi.**

9) Kapag napili ang likha ng grupo bilang isa sa mga finalist, makakatanggap ng tawag at email ang guro nito mula sa Pandayan Bookshop.

10) Kailangang dalhin ng mga napiling finalist ang kanilang Popsicle Stick House sa 1st Day ng Sining Pandayan Event sa darating na 22 February 2018 sa ika-sampu ng umaga para sa pagtatanghal at paggawad ng mga nanalo sa hapon ng programa.

11) Criteria for Judging;

**30%** **Originality**
Natatanging disenyo ng likha

**30%** **Creativity and Resourcefulness**
extra-ordinaryong at malikhaing
paggamit ng ibat' ibang mga materyales

**20%** **Craftmanship**
Kaayusan at tibay ng likha
Mga technique sa paglikha ng obra

**20%** **Over-all presentation**
Akma ng disenyo sa tema
over-all impression sa likha

12) Ang mga premyong maaaring mapanalunan ng grupo ay ang mga sumusunod:

| | | |
|---|---|---|
| 1st Prize | = | Php 5,000 cash + Trophy + Gift Packs |
| 2nd Prize | = | Php 4,000 cash + Trophy + Gift Packs |
| 3rd Prize | = | Php 3,000 cash + Trophy + Gift Packs |
| 4th Prize | = | Php 2,000 cash + Certificate + Gift Packs |
| 5th Prize | = | Php 1,000 cash + Certificate + Gift Packs |
| 6th to 10th Prize | = | Php 500 cash + Certificate + Gift Packs |
| 10 Honorable Mention | = | Certificate + Gift Packs |

13) Ang guro ng mga nanalong grupo ay tatawaging "Natatanging Arts and Crafts Teacher" at makakatanggap ng mga sumusunod:

| | | |
|---|---|---|
| 1st Prize | = | Php 3,000 cash + Certificate + Gift Pack |
| 2nd Prize | = | Php 2,500 cash + Certificate + Gift Pack |
| 3rd Prize | = | Php 2,000 cash + Certificate + Gift Pack |
| 4th Prize | = | Php 1,500 cash + Certificate + Gift Pack |
| 5th Prize | = | Php 1,000 cash + Certificate + Gift Pack |
| 6th to 10th Prize | = | Php 500 cash + Certificate + Gift Packs |
| 10 Honorable Mention | = | Certificate + Gift Packs |

Isang beses lamang pwedeng manalo ang isang guro, at ang mas mataas na premyong napanalunan ang igagawad.

14) Ang school ng mga nanalong grupo ay makakatanggap rin ng mga sumusunod na premyo:

| | | |
|---|---|---|
| 1st Prize | = | Php 5,000 worth of Office and School Supplies Gift Pack |
| 2nd Prize | = | Php 4,000 worth of Office and School Supplies Gift Pack |
| 3rd Prize | = | Php 3,000 worth of Office and School Supplies Gift Pack |
| 4th Prize | = | Php 2,000 worth of Office and School Supplies Gift Pack |
| 5th Prize | = | Php 1,000 worth of Office and School Supplies Gift Pack |
| 6th to 10th Prize | = | Php 500 cash + Certificate + Gift Packs |
| 10 Honorable Mention | = | Certificate + Gift Packs |

Isang beses lamang pwedeng manalo ang isang guro, at ang mas mataas na premyong napanalunan ang igagawad.

15) Maaaring i-revise ng Pandayan Bookshop, kasama ng Elmer's Glue at Colleen, ang mechanics ng nasabing kompetisyon ng may paunang pahintulot ng DepEd.